

## Magrehistro na Ngayon: Ikaw ba ay Manggagawa sa Port, Bisita o Kontratista?

Lahat ng Gumagamit sa Port ay dapat matagumpay na kumpletuhin ang dalawang-hakbang na proseso ng kaligtasan at seguridad upang ma-access ang Lugar na Ginagamit ng Marami sa Dublin Port.

**Unang Hakbang:** Matagumpay na kumpletuhin ang Kurso sa Dublin Port Pass Induction  
**Pangalawang Hakbang:** Mag-aplay para sa Access Control Card

### Unang Hakbang: Dublin Port Pass Induction



>1

**Mag-log on** sa:  
[dublinport.ie/dublinportpass](http://dublinport.ie/dublinportpass)  
Mag-click sa  
**MAGREHISTRO NGAYON**



>2

**Piliin** ang lugar sa Dublin Port  
na kailangan mong i-access



>3

**Kumpletuhin ang**  
pagrehistro –  
Pangalan, Email,  
Telepono



>4

**I-verify** ang iyong  
pagkakakilanlan sa pamamagitan  
ng pagkuha ng larawan – mula  
sa device na may camera



>5

**Panoorin** ang Induction Video  
– alamin ang tungkol sa mga  
panganib at kinakailangang  
pangkapaligirang kalusugan,  
kaligtasan at seguridad



>6

**Sagutin** ang mga multiple-  
choice na tanong – ang ilan ay  
mandatoryong maipasa



>7

**Makakuha** ng minimum na  
iskor na 80% para pumasa



>8

**Magpatuloy** sa Pangalawang  
Hakbang at mag-aply para sa  
iyong Access Control Card

Lahat ng Gumagamit sa Port ay kailangang ulitin ang Dublin Port Pass Induction kada apat na taon.

# Mag-aplay Ngayon:



Sa matagumpay na pagkumpleto sa Unang Hakbang, kwalipikado ang mga Gumagamit sa Port na mag-aplay para sa Access Control Card.

## Pangalawang Hakbang: Aplikasyon para sa Access Control Card

Mga Kasalukuyang May Hawak na Card: **Ang access** ay awtomatikong ma-a-update sa loob ng 7 araw ng trabaho pagkatapos pumasa.

Mga Aplikante para sa Bagong Card: **Mag-aplay** para sa Control Card para sa lugar na kailangan mong i-access (tingnan ang mapa).



>1

**Mag-log on** sa:  
dublinport.ie/dublinportpass  
Mag-click sa **MAG-APLAY NGAYON**



>2

**Kumpletuhin** ang form ng aplikasyon para sa access control card



>3

**Mag-upload** ng digital na larawan – nang sinusunod ang mga panuntunan



>4

**Isumite** ang aplikasyon – Aabisuhan ka sa email kapag handa na ang iyong card sa loob ng 7 araw ng trabaho



>5

**Kolektahin** ang iyong access control card mula sa naaangkop na kompanya sa pamamagitan ng pagpapakita ng valid na ID na may larawan sa anyo ng valid na Pasaporte o Lisensiya sa Pagmamaneho sa Ireland/EU

### Pakitandaan:

Pinangangasiwaan ng Dublin Port Company ang access para sa: No. 1 & 2 Branch Road South

Pinangangasiwaan ng Doyle Shipping Group ang access para sa: No. 3 & 4 Branch Road South – DSG Container Terminal



Mahalaga ang iyong suporta para sa ligtas, may seguridad at malusog na kapaligiran ng trabaho para sa lahat.



**WALANG DUBLIN PORT PASS HINDI PUWEDENG PUMASOK WALANG MGA EKSEPSIYON**